

# Tumulong na maprotektahan ang iyong lumalaking pamilya

## Paano pumili ng upuan ng sanggol sa kotse

Bilang magulang, ang isa sa pinakamahalagang pagpapasya na gagawin mo ay ang pagbili ng upuan ng kotse. Sa katunayan, ayon sa batas, kakailanganin mo na tama ang pagkakabit sa upuan ng kotse bago mo maisama pauwi ang iyong sanggol. Huwag kang mag-alala. Ang upuan ng kotse ang pinakamahusay na paraan ng pagprotekta mo sa iyong sanggol, at narito kami upang matulungan kang maghanap ng pinakamahusay na upuan para sa iyong pamilya.

### Ano ang hahanapin sa isang upuan ng kotse

Sa dami ng magkakaibang uri ng mga upuan ng kotse, maaaring mahihirapan kang pumili. Narito ang ilang bagay na dapat isaalang-alang sa pagpili mo ng tama para sa iyong sanggol.

- Pumili ng upuan ng kotse na may marka na nagsasaad na nakakatugon o lumalampas ito sa Pamantayan ng Federal sa Kaligtasan ng De-motor na Sasakyan 213.
- Hindi ang gastos ang pinakamahalaga. Ang lahat ng mga upuan ng kotse ay sinubok upang makamit ang parehong mga pamantayan sa kaligtasan. Ang mas maraming tampok ay hindi palaging nangangahulugan na mas mahusay o mas madaling gamitin ito.
- Siguraduhing umaangkop ang upuan ng kotse sa iyong anak at sa kotse. Hindi lahat ng upuan ay umaangkop sa lahat ng kotse. At ang mas maliit na sanggol ay maaaring lumusot sa upuan na masyadong malaki.
- Kung binigyan ka ng gamit nang upuan ng kotse, tiyaking ligtas ito:
  - Suriin ang mga nawawalang bahagi o mga tatak ng tagagawa. Karaniwang ipinapakita ng mga tatak na ito ang inirerekumendang petsa ng pagkapaso at numero ng modelo. Mahalaga ito sa kaso ng pagpapabalik sa isang produkto.
  - Suriin kung may mga basag o iba pang mga palatandaan ng pagkasira. Kung masama ang kalagayan nito, huwag itong gamitin.

### Paglalagay sa iyong upuan ng kotse

Ang mga upuan ng kotse ay pawang idinisenyo na magkakaiba nang kaunti. Mahalagang malaman mo ang tamang paraan ng pag-install ng upuan ng iyong sanggol sa kotse. Kung mali ang pagkagawa nito, inilalagay nito sa panganib ang iyong sanggol. Maingat na sundin ang mga tagubilin na kasama sa upuan ng kotse. Kung wala kang mga tagubilin, bisitahin ang website ng kumpanya. Dapat mayroon silang mga tagubilin sa online, at marahil kahit ang video na mapapanood. Nagkakaproblema pa rin? Karamihan sa mga lokal na istasyon ng pulisya ay maaari ring makatulong sa pagtiyak na naka-install nang tama ang upuan ng iyong kotse.

### May Mga Tanong? Narito kami upang tumulong

Tumawag nang walang bayad sa **1-866-270-5785,** TTY **711,** 7 a.m.–7 p.m., Lunes–Biyernes.
**myuhc.com/CommunityPlan**

United Healthcare
Community Plan

Mga Sanggunian: KidsHealth.org, SafeKids.org, My.ClevelandClinic.org

© 2021 United HealthCare Services, Inc. Nakalaan ang Lahat ng Karapatan.